

Ito ba ay Trangkaso o COVID-19 "Coronavirus Disease"?

TRANGKASO O FLU (INFLUENZA)


Ang **trangkaso** ay isang pangkaraniwan at nakakahawang sakit sa palahingahan na sanhi ng mga virus ng trangkaso. Ang trangkaso ay iba sa sipon.

Ang trangkaso ay maaaring magdulot ng di-malubha hanggang sa grabeng sakit, at ang mga komplikasyon ay maaaring humantong sa pagkamatay. Milyun-milyong mamamayan ang nagkakaroon ng trangkaso sa loob ng Estados Unidos bawat taon.




MGA PALATANDAAN AT SINTOMAS NG TRANGKASO

Ang mga palatandaan at sintomas ng trangkaso ay karaniwang nabubuo sa loob ng dalawang araw pagkatapos ng pagkakahantad. Ang mga sintomas ay dumarating nang mabilis at sabay-sabay.



- May lagnat o nilalagnat ang pakiramdam
- Pananakit ng ulo
- Sakit ng kalamnan o katawan
- Ubo
- Sobrang pagod ang pakiramdam
- Pananakit ng lalamunan
- Tumtulong sipon




PAANO NAIKAKALAT ANG MIKROBYO NG TRANGKASO

Ang trangkaso ay kadalasang naikakalat sa pamamagitan ng mga tumulo kapag ang mga taong may trangkaso, ubo, bumabahing, o nagsasalita.

Ang mga virus ay kumakalat din sa ibabaw ng mga bagay, ngunit hindi ito gaanong karaniwan.


Maaaring maipakalat ng mga taong may trangkaso ang virus bago, habang, at pagkatapos nilang magasakit.



SINO ANG NAGKAKATRANGKASO?

Kahit sino ay maaaring magkatrangkaso.

Ang ilan — tulad ng mga batang musmos pa, matatandang mga adulto, at mga taong may karamdaman — ay may mataas na panganib sa mga malubhang komplikasyon.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa trangkaso at COVID-19,

Bumisita sa www.cdc.gov/flu at www.cdc.gov/coronavirus/2019-nCoV.

Marso 3, 2020

PAGLILINAW: Ang impormasyon ng COVID-19 ay mabilis na nagbabago at ang mga dokumento ay ia-update nang naayon.

"CORONAVIRUS"

Ang "**Coronavirus**" ay isang bagong impeksyon na maaaring magdulot ng di-malubha hanggang sa grabeng sakit sa palahingahan. Nagkaroon ng pagkalat sa komunidad sa loob ng Estados Unidos ngunit ang panganib na mahawaan ng "Coronavirus" ay itinuturing na mababa pa rin.



MGA PALATANDAAN AT SINTOMAS NG "CORONAVIRUS"

Ang mga palatandaan at sintomas ay maaaring lumabas sa dalawa hanggang 14 na araw pagkatapos mahantad.



- Lagnat
- Ubo
- Kahirapan sa paghinga
- Pangangapos ng hininga



PAANO ANG MGA MIKROBYO NG "CORONAVIRUS" AY NAIKAKALAT

Pinaniniwalaang naikakalat ito sa pamamagitan ng:

- Pag-ubo/pagbahing o ibang paglapit sa taong nahawaan ng "Coronavirus."
 - Ibig sabihin ng paglapit ay nasa loob ka ng 6 na talampakan mula sa nahawaang tao sa loob ng ilang panahon.
- Maaari rin itong kumalat sa pamamagitan ng paghawak sa mga item na ginamit ng isang nahawaang tao, tulad ng mga tisyu o linen.

SINO ANG NAKAKAPITAN NG "CORONAVIRUS"?

Sa Estados Unidos, ang mga taong nanganganib ay:

- Mga bumibiyaha mula sa labas ng Estados Unidos.
- Isang indibidwal na lumapit sa isang taong nahawaan ng "Coronavirus."

